

# CHAPTER *One*

*N*aalimpungatan si Pauline Baldemor nang madamang may nakadantay sa tiyan niya at sa kanyang hita. Iyon bang tipong ayaw siyang pakawalan. Kinapa niya ang nakadantay sa kanyang tiyan. Makinis na mabalbon, matigas, mainit, may kamay...

*May kamay?*

Mabilis pa sa alas-kwatrong napabangon siya kasabay ng pagtulak sa braso at hitang nakadantay sa kanya. Oo, tao ang katabi niya sa kama. Dahil sa pagkilos niya ay nalaglag ang comforter na nakatakip sa hubad niya palang katawan. Nayapos niya ang sarili kasabay ng

pagtili.

*Bakit ako hubad?*

At nagising ang lalaking katabi niya dahil sa kanyang tili. Narinig niya ang antok pang boses nito, “What’s wrong?”

*What’s wrong?* Agad siyang umalis sa kama hila-hila ang kumot at saka iyon ibinalot sa katawan. Nilingon niya ang lalaking nakahiga pa rin sa kama upang kilalanin ito.

Kulang na lang ay lumuwa ang kanyang mga mata sa gulat sa unang sumalubong sa kanyang paningin. Ano pa nga ba kundi ang... ang pagkalalaki nito. Hihimatayin yata siya. Hindi siya makahinga nang maayos. First time niyang makakita ng... ano ng lalaki.

Para siyang sinisilihan. Nag-iinit ang katawan niya.

*Mali ’to.*

Nang ma-realize ang ginagawa ay agad siyang tumalikod. Hindi niya na nagawang tingnan ang mukha ng lalaki. Kinabahan siya nang maramdamang kumilos ito.

*Lord, please tell me he’s a good guy...*

Hindi niya naituloy ang dasal nang

maramdaman ang mainit na palad na dumikit sa kanyang hubad na balikat. Napapitlag siya dahil doon. Napalunok.

“Hey. Are you all right, Pau?”

“Get your hand off of me!” nanginginig na sabi niya.

Binawi nito ang kamay. “Look, I’m sorry, Pau. I didn’t know. I mean, if only I knew it was your first time, I wouldn’t have done it even if you were...practically begging and teasing me.”

So, may nangyari nga sa kanila? *Nakahubad ka. Nakahubad siya. Ano pa ba ang ibig sabihin n’un, Pauline?*

Bakit ba siya naging pabaya? Naisuko niya tuloy ang Bataan nang wala sa oras. Gusto niyang maglupasay, pero ano pa ang silbi niyon? Naramdaman niya na lang ang pagpatak ng kanyang luha. Agad niya iyong pinahid at itinodo ang pagpipigil na maiyak nang may bumagsak pa mula sa kanyang mga mata.

He should never see her like that.

Ano ba ang dapat niyang gawin ngayong nangyari na ang nangyari at wala na siyang magagawa para mabago iyon? Hindi niya alam.

Gulong-gulo ang utak niya. Huminga siya nang malalim bago nagtanong. “Sa’n ang comfort room?”

“That one,” sabi nito, itinuro ang pintong nasa tapat niya mga tatlong dipa ang layo.

Agad niyang pinulot ang mga damit na suot kagabi. Nagkalat ang mga iyon sa sahig. Pagkatapos ay mabilis siyang pumasok sa banyo. Doon ay hindi niya na pinigil ang luha. Mababaliw siya kapag hindi niya naiiyak iyon.

Napaupo siya sa sahig.

Ni hindi na niya magawang problemahin ang ginawang pang-iiwan sa kanya ng *ex-boyfriend* na ipinagsisintir niya kagabi. Nagngingitngit siya ngayon dahil sa katangahang nagawa. Ang tanga-tanga niya. Dalawampu’t limang taon niyang iningatan ang sarili pagkatapos isusuko niya lang pala nang walang kalaban-laban.

Hindi niya alam kung ano ang nangyari kagabi at kung paanong kasama niya ang lalaking nasa labas. Nagtataka siyang alam nito ang pangalan niya. His voice did sound familiar. Pero hindi niya talaga ito kilala.

Pilit niyang inalala kung ano ang nangyari,

pero parang lalo lang sumakit ang ulo niya. Madami siguro siyang nainom na alak. Tumayo na siya at tumapat sa ilalim ng shower. There was nothing she could do now.

Nang mahimasmasan ay tinuyo ni Pauline ang sarili gamit ang tuwalyang nakatupi sa rack at nagbihis na. Isinusuot niya ang damit na suot kagabi nang makarinig ng mahinang katok sa pinto.

Kasunod niyon ay ang boses ng lalaki. “Pau, are you all right?”

Bakit ba kung tawagin siya ng lalaking iyon ay parang kilalang-kilala siya nito? And why did she like the way he said her name? Napailing siya. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Dapat galit siya. Dapat namumuhi siya, pero hindi. She was disappointed, yes. Hindi na yata siya normal.

Inayos niya na ang damit at saka naglakad palapit sa pinto. The moment she opened the door ay mukha agad ng lalaki ang bumungad sa kanya. Napaatras siya nang bahagya ng makilala ito.

“Adam? Ikaw?” di makapaniwalang tanong niya.

He was wearing a white sando and a pair of boxer shorts. Aaminin niya, he was hot.

“Yes, me. Pau, I’m really sorry. Please let me explain,” sinserong sabi nito.

Siguro may hangover pa siya kaya wala siyang makapang galit.

“How? Paano nangyaring magkasama tayo?” Ang alam niya ay mag-isa lang siyang nagtungo sa ‘ibang’ bar kagabi. ‘Iba’ kasi mayroon silang resto-bar na pag-aari nila ng mga kaibigan niya. Kaya lang, alam niyang pipigilan siyang uminom ng madami ng mga ito kung doon siya tatambay.

Hindi agad nakasagot si Adam. Tila pinagiisipan pa nito ang sasabihin. “I’ll tell you everything you want to know over breakfast. What do you say? I’m sure you’re hungry.”

Hindi niya matagpuan ang sariling boses kaya tumango na lang siya. Iginiya siya ng lalaki patungo sa kusina nito.



Adam Peter Villanueva was a good guy. Hindi itatanggi ni Pauline ang bagay na iyon. Kaibigan ito ng kaibigan niya. Hindi niya alam

kung matatawag silang magkaibigan ni Adam dahil ni hindi sila nag-uusap. Tamang tanguan lang kapag nagkakasalubong. Ganoon lang silang dalawa.

Ang alam niya mas matanda ito sa kanila ng tatlong taon pero parang magkaedad lang sila. Siguro ay dahil bubbly person ito. Parang wala itong problema sa buhay dahil parang ang gaan-gaan lagi ng pakiramdam nito. Hindi ito madamot sa ngiti.

Nasa kusina sila ngayon ng lalaki. Nakaupo siya sa stool sa kitchen counter. Doon siya pinapuwesto nito habang ito ay abala sa pag-aasikaso ng kakainin nila. Medyo nalilibang nga siya sa panonood dito. Madalang siyang makakita ng lalaking marunong magluto.

Nang bumaling ito sa gawi niya ay agad niyang inilipat ang tingin sa cup ng hot chocolate na iniabot nito sa kanya kanina. Sumipsip siya roon.

Nanatili ang katahimikan hanggang sa magsalita si Pau. “Paano tayo nagkasama? I mean, I’m pretty sure I went to that bar alone.” Nilakasan niya ang loob para masabi iyon.

Bago ito sumagot ay inilapag na nito sa counter top ang mga niluto. Fried rice, bacon and eggs. Bigla tuloy siyang nakaramdam ng gutom. Inabutan siya nito ng plato at kubyertos.

“I think we should eat first.”

“Sige.” Iyon nga ang ginawa nila. Pero dahil hindi na siya makapaghintay na marinig ang nangyari ay mabilis siyang nawalan ng gana.

“Are you done?”

“Ah, yeah.”

Napailing ito. “You should eat more.” Nang umakto itong sasalinan ng kanin ang plato niya ay agad niya itong pinigilan pero hindi ito pumayag. Nilagyan pa nito ng bacon ang plato niya. “Kakain ka pa kung gusto mong magkwento na ako. Tatlong kutsara lang yata ang kinain mo.”

Hindi napigilan ni Pau ang mapangiti. “Hindi ko alam na bossy ka pala.” Siguro kaya hindi niya magawang magalit ay dahil alam niya sa sarili na partly ay kasalanan niya ang nangyari. Sa totoo lang, nagtataka siya kung bakit parang ang gaan pa ng pakiramdam niya. Na para bang normal lang ang lahat.



Tinatapos niya na ang pagkain nang maramdamang nakatingin si Adam sa kanya. Tumuwid siya ng upo saka ito binalingan.

Nakapatong ang dalawang siko nito sa ibabaw ng counter habang magkahawak ang mga kamay. Seryoso itong nakatingin sa kanya. “Seriously, how are you feeling?” Concern was visible in his eyes.

Pinakiramdaman niya ang sarili. Wala siyang makapang galit. Panghihinayang siguro. Paano, naibigay niya ang sarili sa lalaking ni hindi niya boyfriend samantalang ipinagkait niya iyon sa ex niya na naging dahilan ng pang-iiwan nito sa kanya.

Huminga siya ng malalim. “Well, I don’t really know what to feel.”

“Hindi ka ba galit o naiinis dahil sa nangyari? Pau, I was your first. Alam kong importante sa ’yo ang... virginity mo. You’re probably reserving it for the man you’re going to marry but then I took it. Tatanggapin ko kung galit ka. Kung kamumuhian mo ’ko. I probably deserve it.”

Kitang-kita niya kung gaano ito kasinsero at kaapektado sa nangyari.

“Alam kong concerned ka sa ’kin. At tama ka, dapat galit ako. Pero hindi, eh. Naiinis, oo, pero hindi sa ’yo kundi sa sarili ko. You’re right. My virginity was important to me and I wanted my future husband to be my first. Pero wala na akong magagawa. Nangyari na ang nangyari. And being mad won’t bring it back. Hindi kita sinisisi because I know it’s entirely my fault. Kung hindi ako nagpakalasing, hindi ’to mangyayari.”

Hindi nagkomento si Adam. Nakatingin lang ito sa kanya na para bang pinag-aaralan kung totoo ba ang mga sinasabi niya. Pagkatapos ay bumuntong-hininga ito.

“So, paano nga tayo nagkasama?” curious na tanong niya. “Ano ba ang nangyari?”

“I was with my friends when I saw you at the bar area. Hindi ko alam kung sino’ng unang dumating, kung ikaw ba o kami ng mga kaibigan ko. Hindi ko kasi napansin dahil nang dumating kami medyo crowded. Near midnight was when I saw you. We were just two tables away from you. At first, I didn’t know it was you. Nakatalikod ka kasi sa amin at medyo nakayuko. You were drinking to death nang may lumapit sa ’yong

lalaki. Iniisip niya sigurong makaka-score siya sa iyo by taking advantage of your drunkenness. You were pushing him away.” Bahagya itong huminto at napangiti nang maalala siguro ang parteng iyon. “You were really a tough woman; do you know that?”

Napangiti rin si Pau. “If I were, we wouldn’t end up in bed.” Mali yata siya ng nasabi dahil sumeryoso ang hitsura ni Adam. “Never mind what I said.”

“Hindi ka ba talaga galit?”

“No. Gusto mo ba akong magalit?”

“Nope.”

“Then continue with your story.” Nang parang nag-aalangan pa rin ang lalaki ay nginitian ito ni Pauline.

## CHAPTER *Two*

*H*indi makapagdesisyon si Adam kung dapat niya pa bang ipagpatuloy ang pagkukwento o hindi. Ayaw niyang may masabi na pagsisisihan niya lang. He should be careful now that Pauline was demanding for him to continue. Ayaw niyang mapalayo nang tuluyan ang kalooban nito sa kanya. Pakiramdam niya ang laki na ng kasalanan niya rito.

“Promise me you’ll stop me from talking when you think the topic’s becoming sensitive.”

“I will. Promise.” Itinaas pa nito ang kanang kamay.

“Okay. So, ’ayun nga. You were pushing that

guy away, meaning you didn't like his company. Kaya lumapit ako kasi ayaw lumayo n'ung lalaki at tsinatsnsingan ka na niya.” Nagtagis ang bagang niya nang maalala ang ginawa ng lalaki. Napansin niya din ang pagngiwi ni Pauline. “But don't worry, I was there before he could really touch you... everywhere. Tinanong ko siya kung may problema ba? Ang sagot niya ay 'wag daw akong makialam. So para lumayo siya I told him I'm your boyfriend. Ayaw niya pa ngang maniwala kundi mo pa binanggit ang pangalan ko.”

“Thank you for rescuing me from that guy.”

Kahit nagpasalamat ito ay hindi siya makangiti. “Hindi ka dapat nagpapasalamat kasi ako naman ang nanamantala sa 'yo.”

Tinawanan siya nito. “Puwede bang tigilan mo na ang pagsisi sa sarili mo? It was an accident and ako naman talaga ang may kasalanan.”

Napabuntong-hininga si Adam. “When the guy left, inaya na kita para ihatid ka sa bahay mo kaso nagmatigas ka. You didn't want to stop drinking. You kept on saying 'last na.' Ako

naman, hinayaan lang kita. I mean, hindi ka pupunta sa bar na 'yon kung wala kang balak magpakalasing. I tried to ask you what the problem was, pero kahit lasing ka na hindi ka sumasagot. I don't know your address kaya dito na kita dinala sa pad ko. Actually, kay Belle sana kita dadalhin kaso wala siya."

Belle was one of their common friends. Nakatira ito sa tapat ng unit ni Adam.

"So kasalanan pala ni Belle kaya dito mo 'ko dinala sa unit mo?" biro ni Pauline.

"Partly. Just kidding."

Hindi niya alam kung dapat niya pa bang ikuwento iyong part kung saan may nangyari sa kanila. Honestly, he couldn't stop thinking about last night. Para siyang inililipad sa alapaap ng alaalang iyon.

"Iyong sinabi mo kanina, was I really teasing you or begging kaya may nangyari sa 'tin?" Nilingon ni Adam si Pauline. Hindi ito nakatingin sa kanya. Her eyes were fixed on the mug before her. And she was blushing.

Napangiti si Adam habang pinagmamasdan

ito. One night with her and he was already going insane.

*What are you doing to me, Pau?*

“Makulit ba ’ko kagabi? Pinilit ba kita?” This time ay tiningnan na siya nito. “Ay grabe, hindi ko alam kung paano ako umakto kapag lasing.”

“I’m sorry, Pau. Nawala sa isip ko na wala ka sa tamang katinuan and I... I thought you’ve done ‘it’ before. You know, lalaki ako and as much as I wanted to stop and not do it, hindi ko na rin napigilan. Idagdag pa na nakainom din ako.”

“Honestly, hindi ko alam kung bakit ganito ang nararamdaman ko. Hindi ko alam kung bakit hindi ko magawang magalit sa ’yo. Yes, I cried inside your bathroom but merely because I can’t believe I...that we did that. Disappointed ako sa nangyari na parang hindi.”

*Maybe because of the fact that you have a crush on me?* muntik na niyang maisatinig.

Alam niyang baka umaasa lamang siya pero hindi nakakapagsinungaling ang lasing, di ba?

*“Pau, stop touching me. Damn!” saway ni*

*Adam sa lasing na si Pauline nang ilapag niya ito sa kanyang kama. Natumba pa siya sa ibabaw nito nang hilahin siya nito. He was trying to take her hands off of him dahil kapag hindi ito tumigil ay baka kung ano ang magawa niya. The last thing he wanted was their common friends getting angry at him for banging their drunken friend.*

*“Don’t you like my touch?” mapang-akit na tanong nito.*

*“I love it, but... f\*ck!” Napasigaw siya nang maramdaman ang mga kamay nito sa waistline niya. She was trying to unbuckle his belt. He grabbed her hands to stop her. “You have to stop it now, Pau.”*

*“No, I don’t wanna stop. I’m so tired of being a good girl. Kaya ’wag ka nang pakipot, crush.” He was blown away. Naramdaman niya na lang na nakalapat na ang kanyang likod sa kanyang kutson habang nakaupo ito sa bandang ibaba ng tiyan niya. She was on top of him.*

*“Did I hear it right? Tinawag mo ’kong crush?” tanong niya. Suddenly, Adam got tired of stopping her. Her hands were now under his shirt while his*



*hands went to her thighs as she was astride him.*

*“Aha. Shuper biig crusssh that started when... first saw you.” Her right hand caressed his arm. “Do you know you’re sooo hot with your tats?”*

*That made him grin. “What else do you like about me?”*

*“Hmm. Your body. These perfect abs. Your hard chest. Rawrr.” Naglakbay ang mga kamay nito sa kanyang torso. Inilapit pa nito ang mukha sa kanya. He was getting addicted to her nearness and her softness. Nakipagtitigan ito sa kanya. Then, it happened. Hindi niya na napigilan ang sarili.*

*He kissed her. Gentle at first, but when she responded, he deepened the kiss, sliding his tongue into her mouth. He moved and began caressing and tasting every inch of her.*

*“Adam?”*

*“Sorry. Ano iyon?” Nag-zone out yata siya nang maalala ang nangyari sa kanila.*

*“Sabi ko, kalimutan na lang natin ang nangyari kagabi,” malumanay na sabi nito.*

*Bigla, gusto niyang magalit. Nagrereklamo*

ang isip niya at katawan. “I don’t think that’s possible.” Hindi niya ipagkakaila, he wanted more.

“It is possible. We can act like nothing happened.” Huminga ito nang malalim. “Ayokong may makaalam na may nangyari sa atin. Hindi tama, eh. Ni hindi tayo mag-boyfriend. Kaya kalimutan na lang natin.”

Biglang kumulo ang dugo niya. Gusto niyang manggigil pero hindi niya alam kung ano ang isasagot kapag tinanong siya ni Pau kung bakit ayaw niyang kalimutan nila ang nangyari.

“Fine, no one will know about it but don’t expect me to forget about last night.” *I don’t think I can ever forget the taste of you, and how you fit perfectly in my arms. And that I was your first,* gusto niya sanang idagdag.

“Right. I probably won’t forget about it, too, pero sana kapag nagkakasalubong tayo o kapag nagkaabot tayo, let’s act like before. Like how we were before it all happened.”

“Like how we barely talk. Is that what you want?” Pilit niyang pinalumanay ang boses. He

was still pissed off. Ayaw niyang bumalik sa dati, but if that was what she wanted, then fine, he would try to do it.

“Oo sana. Tatal, isang kamalian naman ang nangyari sa atin.”

Hindi na siya sumagot. Truth be told, he was planning to be as close as possible to her, pero dahil buo na ang desisyon ni Pauline ay gagawin niya ang hiling nito. Kung kakayanin niya.



Nang matapos silang mag-breakfast ay nagpaalam na si Pauline sa binata na uuwi na. Magko-commute lang dapat siya, pero nagpumilit si Adam na ihatid siya. Buti na lang talaga at wala si Belle sa kabilang unit kundi ay baka naabutan pa sila nitong magkasama.

“Salamat ulit sa paghatid,” sabi ni Pauline nang makababa ng sasakyan. Nakabukas ang bintana sa passenger side kaya dumungaw siya roon. Nginitian pa niya ang lalaki.

“I’ll see you tonight,” he said.

May pakiramdam siya na hindi bukal sa loob nito ang ngiting ipinakita sa kanya. She chose

not to comment about it though.

Nang ma-realize ang sinabi nito ay bahagya siyang nalito. Pero agad niya ding kinalma ang sarili. Tutupad naman siguro si Adam sa usapan nila. “Sige. Papasok na ako.”

Hinintay pa nitong makalapit siya sa pinto ng apartment niya bago nito pinaandar palayo ang *Toyota Hilux* nito.

“Sino’ng naghatid sa ’yo?” tanong ng nakababata niyang kapatid na si Lyka nang makapasok siya sa apartment.

“A friend,” tipid na sagot niya.

“A friend? Wala bang pangalan ang kaibigan mo? Saka ba’t ngayon ka lang umuwi, *mare*? Tinatawagan kita kagabi pero unattended,” pangungulit pa nito.

“Ano ba? Mas matanda ako sa ’yo kaya ’wag ka nang matanong. Walang pangalan ang kaibigan ko kaya ’wag ka nang mag-usisa. Kanina ko lang binuksan ang phone ko.”

“Hay nako. I’m just returning the favor, Ate. Magaling ka sa gano’n, eh,” mataray na sagot nito.

“Whatever. Matutulog na muna ako.”

“Hindi ka papasok?” tanong nito habang paakyat siya ng hagdan. Bukod sa resto-bar, silang magkakaibigan ay may kani-kanyang trabaho. Siya ay isang I.T. Specialist sa isang Australian company sa Makati.

“Hindi. Nagpaalam na ’ko kay Manager. Umalis ka na nga. Pakisigurado lang na nakalock ang pinto. Saka tigilan mo nga ang pagtawag sa ’kin ng *mare*.”

“Whatever. Sleep well.”

Ang sabi ni Pauline matutulog siya, pero isang oras na yata siyang nakahiga ay hayun at mulat na mulat pa ang mga mata niya habang nakatingin sa kisame. She was trying to remember what happened last night pero hindi niya talaga maalala. Nawala ang virginity niya at hindi niya man lang maalala kung paano. Syet!

Memorable dapat kasi crush niya ang una niya, pero mas memorable sana kung naaalala niya, di ba? Baka kasi mukha siyang tanga kagabi, kaka-turn off.

Crush niya si Adam mula pa nang una niya itong makilala sa *Combo*, ang bar na

pinagsososyohan nila ng mga kaibigan niya.

Turn off siya sa mga lalaking may tattoo pero exception si Adam. His arms were covered in tattoos. Mayroon din ito sa collarbone nito. Hindi niya lang nabasa ang salitang naka-tattoo roon. Nadaanan lang kasi iyon ng mga mata niya kaninang magising siyang katabi ito. Ewan niya ba pero ang lakas ng dating nito sa kanya. Guwapo na, macho at matangkad pa. Siguro ay 6 feet 2 inches ang taas nito. Siya na nasa 5'6" ay hanggang leeg lang nito.

Pero siyempre, walang ibang nakakaalam na crush niya ito lalo na't may boyfriend siya that time. Speaking of boyfriend na ex na niya ngayon, parang bulang nawala ang lahat ng sakit na naramdaman ni Pau kahapon nang makipaghiwalay si Bryan sa kanya dahil nakabuntis ito ng iba. Kaya pala medyo aloof na ito sa kanya mahigit isang buwan na. Nakahanap na pala ito ng iba.

Siguro ay hindi na rin solid ang damdamin niya kay Bryan, kaya hindi ganoon kasakit. Naging emotional lang siguro talaga siya kahapon

dahil hindi niya in-expect na makikipaghiwalay na ito sa kanya. *No. Nasaktan ka kasi kayo pa pero ipinagpalit ka na.*

Noon nag-ring ang cell phone niya.

*Baka si Adam.*

Agad niyang kinapa ang cell phone sa bandang ulunan niya. Nadismaya siya nang makitang si Belle ang tumatawag sa kanya. Natapik niya ang noo. *Shunga. Paano ka tatawagan ni Adam, eh, hindi niya naman alam ang number mo!*

Napanguso siya bago tuluyang sinagot ang tawag. “Yes?”

“Girl, pupunta ka sa *Combo* mamaya?” tanong ni Belle.

“Ewan ko. Baka hindi muna.”

“Gan’on? Hindi din kasi ako makakapunta. Baka magtampo ’yung tatlo.”

“Sus. Just tell them your reason.”

“Eh, ikaw? Ano ba’ng rason mo?” curious na tanong nito.

“Pagod ako. Hindi ako nakatulog nang maayos kaya dapat akong bumawi. Baka

---

magtubuan na naman ang mga tighiyawat. Alam mo na. Mahawa ka pa pag nag-beso tayo.”

Natawa ito sa sinabi niya. “Right. Sige, I have to go. Bukas na lang. *Ciao.*”

Hindi pa siya nagpapaalam ay binabaan na siya nito. Ibinagsak niya ang phone sa tagiliran.

Bumalik tuloy ang isip niya kay Adam. Umiling-iling siya. *No. Stop thinking about him! Stick with the plan, Pau. Forget about last night and act like nothing happened.* Mariin niyang ipinikit ang mga mata, umaasang dadalawin na siya ng antok.



## CHAPTER *Three*

Sabado. Maghapon lang nasa bahay si Pauline dahil day-off niya. Naglinis siya at nanood ng kung ano-anong palabas sa TV. Pinipilit pa rin niyang kalimutan ang nangyari kahit nahahirapan siyang gawin iyon.

Bandang alas siete ng gabi ay tinawagan siya ni Matt, isa sa mga co-owners nila sa *Combo*. Pinapapunta siya nito roon. Ito lang daw kasi ang nandoon. Nagpaalam daw sina Marie, Frances at Belle na bukas na lang pupunta dahil may mga importanteng lakad daw.

Hindi na siya nakapagreklamo dahil absent na siya kahapon. Okay lang dahil night shift

naman ang duty niya kinabukasan.

Kaya heto siya, sakay ng taxi papunta sa *Combo*. She was wearing a short shorts, a cropped top and a pair of sandals. “Manong, d’yan na lang sa tabi,” sabi niya sa driver. Iniabot niya rito ang bayad at saka lumabas.

Binati siya ng bouncer at nginitian ito ni Pauline. Close silang magkakaibigan sa lahat ng mga empleyado nila. Dumerecho siya sa loob at agad hinanap si Matt. Nang makita ang gay friend ay nilapitan niya agad ito. Nakipagbeso siya rito at saka naupo sa tapat nito.

Sa unang tingin, lalaking-lalaki si Matt. Formal itong manamit. Hindi tulad ng iba na ladlad kung ladlad. Hindi rin ito magaslaw kumilos. Minsan.

Inilibot niya ang tingin sa crowd. As usual, puno ang bar nila. Pinasadahan niya ang dance floor at ang ilang cocktail tables sa paligid. Sa elevated part ay may booths, equipped with tables and couches.

Pumuwesto sila ni Matt sa isa sa mga booths.

“Good thing you’re available tonight. Saturday night, mare. Hindi ko ma-imagine na

mag-isa tonight.”

Natawa siya. “Ako din, hindi ko ma-imagine na ako lang mag-isa dito. Baka mag-walk-out ako.”

“True. Pero maiba, blooming ka 'ata? Di ba dapat brokenhearted ka?” Nagbuga ito ng usok mula sa hinithit na sigarilyo.

Medyo nag-panic si Pau. “Blooming? Paano mangyayari iyon?”

“Yeah. You're blooming tonight.” Napaupo siya nang tuwid ng marinig ang tinig ni Adam. Bakit ito naroon? Umupo ito sa tabi ni Matt, sa tapat ng inuupuan niya.

“See. Pati si Adam napansin. Don't tell me you got laid?”

“Did you?” segunda ni Adam na nakatitig din sa kanya. Full of humor ang mga mata nito.

Tinitigan niya ito. Gusto niya itong tanungin kung ano ang ginagawa nito, pero naroon si Matt. So she tried to ask him with her eyes, which was not working.

Hindi nakakatuwa ang ginagawa nito!

“Sira ba kayo? Nakipag-break na si Bryan, di ba?”

“Almost forgot. I’m proud of you, Pau. Mukhang hindi ka na affected. Two days lang pala ang kailangan mo. Akala ko pa naman n’ung una aabutin ng taon bago ka maka-move on,” sabi ni Matt.

Iyon din ang akala niya noong una. Then, something happened and it changed everything. Hindi nakaligtas sa mga mata niya ang pagngisi ni Adam na nakapagpakulo ng dugo niya.

“Magsi-CR muna ako,” paalam ni Matt. “Excuse me, Adam.”

Nang makalayo si Matt ay kinompronta niya agad si Adam. “Ano’ng ginagawa mo?”

“Acting like nothing happened?”

“Talaga? Eh, bakit sumesegunda ka pa sa mga sinasabi ni Matt?” naiiritang tanong niya. Buti na lang talaga at mukhang walang napansing kakaiba si Matt.

“Chill, Pau. I’m just trying to go with the beat,” sabi pa nito.

“Just... don’t say anything. Baka makahalata sila.”

Parang may nakita siyang inis na bumalot sa mga mata nito, pero baka imahinasyon niya

lang. “Fine. Then, I’ll leave now. I’m sure that will make you happy. Just tell Matt I left.”

Hindi na nito hinintay na makasagot siya. Agad nang tumayo si Adam at lumayo sa table nila. Napabuga siya ng hangin. Ikinulong niya ang mukha sa mga kamay at nag-isip.

Was she being unreasonable? Gusto niya lang maging normal ang lahat sa kanilang dalawa. Ayaw niyang masanay na nakakatabi ito at nakakausap nang madalas. Baka kasi ang kaunting pagtingin niya rito ay biglang lumalim. Palagay niya hindi iyon malabong mangyari dahil sa namagitan sa kanila. Kaibigan niya na rin si Adam. Ayaw niyang magkaroon ng ibang relasyon sa isang *kaibigan* lang.



Almost two months na ang lumipas. Everything went back to normal. Like nothing happened. That was what Pauline wanted. Pero sa mga araw na nagdaan ay parang may kulang. Alam niya kung ano—kung sino—pero ayaw niyang aminin sa sarili.

Bumangon na siya mula sa pagkakahiga at

lumabas agad ng kuwarto. Naabutan niya si Lyka na nagluluto sa kusina.

“Good morning,” walang siglang bati niya sa kapatid.

Nilingon siya nito at nakita niyang bumalot ang concern sa mukha nito. “Ate, okay ka lang? Ang putla mo.”

“I’m fine.” She wrinkled her nose when she smelled something. “Anong...” Mabilis siyang lumapit sa lababo dahil naduduwal siya.

May sakit nga yata siya. Gusto niyang sumuka, pero wala siyang isusuka dahil hindi pa siya kumakain. Puro laway lang ang inilalabas ng bibig niya.

“Ano’ng nangyayari sa ’yo?” tanong ni Lyka, hinahagod ang likod niya.

“Wala ’to.” Bigla siyang nanghina. “Babalik na muna ako sa kuwarto. Kailangan ko lang ’tong itulog.”

“Sige. Kumain ka na lang pag nagutom ka,” pahabol ng kapatid.

Nang nasa kuwarto na ay agad siyang humiga. Buti na lamang at hapon pa ang start ng duty niya.



The same thing happened the next day. Pagtapak niya sa kusina ay naduwal na naman siya dahil sa amoy ulit ng niluluto ni Lyka. Pati ang kapatid niya ay nagtataka na. Hindi naman kasi siya maselan sa pagkain.

Nang balingan niya si Lyka ay naka-fold ang mga braso nito sa ilalim ng dibdib nito. At ang mga mata nito ay nanunuri. Nakataas pa ang isang kilay. “I think you should go see a doctor.”

“Ano? Bakit naman? Normal lang ’to,” sagot niya pagkatapos punasan ang bibig. “Pa-English-English ka pa.”

“Whatever. But you’re right. Normal ’yan, pero para sa mga buntis. Ganyang-ganyan si Ate Dianne n’ung ipinagbuntis niya si Nathan.” Ang tinutukoy nito ay ang pinsan nila na nakasama nila noon sa apartment. Lumipat ito nang magpakasal sa nakabuntis dito.

Kinabahan siya sa narinig. May point si Lyka. Pero malabo yatang... buntis siya.

*Malabo? Baka malinaw. Ilang araw na ba ang nakalipas?*

Napailing si Pau. “Malabo ang iniisip mo, Lyka. Ba’t naman ako mabubuntis? Kaya nga nakipag-break si Bryan sa ’kin kasi ayaw kong gawin iyon, di ba?”

“Kunsabagay. Then, dapat ka nga talagang magpunta sa doctor. Baka kung ano na iyan.”

Ginawa niya ang suhestiyon ni Lyka. Nagpa-appointment siya sa doktor at nagpaalam sa manager niya na hindi siya makakapasok.

Alas cuatro ang appointment niya sa doktor. Ngayon pa lang siya gagamit ng sick leave kaya hindi siya nahirapan sa manager niya.

Pinagpapawisan nang malamig ang mga kamay ni Pauline lalo na nang makaharap niya na ang doktor. Sana ay mali ang hinala ng kapatid niya.

Itinanong ng doktor kung ano ang nararamdaman niya.

“Well, these past few days medyo mabilis akong mapagod. And nagiging antukin ako. Pero baka dahil sa trabaho ko. Then, kahapon ng umaga nagsimula akong maduwal. Same with this morning,” sabi ni Pauline.

“Hmm, I see. When did you have your last



period?”

Kailan nga ba? Regular ang monthly period niya. Pero base sa bilang niya, mahigit isang buwan na siyang delayed. Sinabi niya iyon dito.

Tinawag ng doktor ang assistant at binigyan ito ng instructions ukol kay Pauline.

Napalunok siya. Dumoble ang nararamdaman niyang kaba. Ready ba siya para sa haharaping pagsubok? Bakit nga ba hindi pumasok sa isip niya na puwedeng mangyari ito? Ano ang gagawin niya pag nagkataon?

Pagkalipas ng ilang minuto, alam na niya ang resulta. Positive. She was pregnant.



How could she have been so careless? Magagalit ang mga magulang niya kapag nalaman ng mga ito ang nangyari. Umiling siya.

*They will understand, Pauline,* kumbinsi niya sa sarili.

Well, considerate talaga ang mga magulang niya. At alam niyang hindi siya pababayaan ng mga ito. Huminga siya nang malalim.

Nakakatatlo na siyang pindot sa doorbell,

pero walang sumasagot. Baka wala roon ang binata. Hahakbang na sana siya palayo nang marinig ang pagbukas ng pinto. Nang lumingon siya ay bumungad ang bagong paligong si Adam. Towel lang ang nakatakip sa baywang nito pababa.

Kumurap siya at saka itinaas ang mga mata sa mukha ni Adam. Seryoso ang anyo nito. Mukhang nagtataka kung bakit siya naroon.

“What are you doing here? Mali ka yata ng pinuntahan. Last time I checked, sa kabila ang unit ni Belle.” Itinuro pa nito ang katapat na pinto.

Nilunok ni Pauline ang pride niya. Hindi siya dapat mag-back out. Kailangan niya itong makausap kahit pakitunguhan pa siya nito nang hindi maganda. “We need to talk.”

“Now you want to talk? Kunsabagay, tayong dalawa lang naman ang nandito. So, bakit hindi?” Sarcastic ang tono nito.

Dinedma niya lang iyon. Siya ang may kailangan kaya dapat siya ang magpasensya. Madalang na itong pumunta sa bar nila at alam niyang siya ang dahilan.

“Hindi mo man lang ba ako papapasukin?”

“It depends on what you need.” He folded his arms over his chest. “So, what do you need?”

Nag-iwas siya ng tingin. Nawawala siya sa konsentrasyon dahil sa katawan nitong ibaba lang ang natatakpan. “It’s best if we talk inside.”

“Fine.” Tumagilid ito para magkaroon ng espasyo sa dadaanan niya. “Feel free to sit wherever you want. Magbibihis lang ako.” Dumerecho na si Adam sa kuwarto pagkatapos maisara ang pinto.

Second time niya sa unit nito at noon lang niya nabigyang-pansin ang kabuuan niyon. Maganda ang brown couch nito na L-shaped; malambot at malapad. May flat screen TV sa tapat ng sofa.

Sa ibabaw ng isang console table ay may nakita siyang picture frames, mga litrato siguro ng pamilya nito.

Nang makarinig ng pagkilos ay umayos siya ng upo at saka ibinaling ang tingin sa binata. He was now wearing a white statement shirt and khaki shorts. Nakayapak lang ito.

Akala niya ay sasamahan na siya nito sa sala

pero dumerecho ito sa kusina. “Ano’ng gusto mong inumin?” tanong nito.

Wala siyang balak sumagot, pero naramdaman ni Pau ang panunuyo ng lalamunan at sinabing, “Tubig na lang.”

Inilapag nito ang baso ng malamig na tubig sa center table sa tapat niya. Hindi na siya nagulat nang lapitan siya nito sa couch na inuupuan niya. Naupo ito sa kaliwang side niya. Isinampay pa nito ang kanang braso sa kanyang likuran. Ang kaliwang kamay naman nito ay may hawak na can ng *Heineken* beer.

Nakita niyang uminom ito roon. Napailing siya. Ang aga-aga, umiinom na agad ito. She sighed.

“So, what brought you here?” tanong nito, ipinatong sa ibabaw ng center table ang iniinom. Pati ang mga paa nito ay ipinatong din ni Adam doon.

“Ahm...” Paano niya ba sisimulan ang sasabihin? Kinakabahan siya. “Gusto ko lang itanong, gu... gumamit ka ba ng condom... that night?”

Hindi nakakatawa, pero tumawa ito. “Of

course. Don't tell me you want to have it for souvenir. Sorry, dear, but I threw it right after."

Sinusubukan nito ang pasensya niya. At hindi siya natutuwa.

*Wait!*

Ang sabi nito ay gumamit ito ng proteksyon pero paanong nagbunga ang nagawa nila?

"Isipin ko na lang na wala akong ibang narinig na sagot mo kundi 'of course.' Hindi ka ba puwedeng magseryoso? Importante ang sasabihin ko." Hindi niya alam kung bakit ganoon ang inaakto nito. Hindi niya mawari kung galit ba ito sa kanya o ano.

"Then spill it now. Ano ba'ng ipinunta mo dito?" Uminom ulit ito ng beer.

"I'm pregnant." There, she dropped it the way he wanted her to do it.

Dahil doon ay nasamid ito. Nag-uubo ito. Alam niyang nagulat ito dahil iyon din ang naging reaksyon niya nang masiguradong tama ang hinala niya.

Nang mahimasmasan si Adam ay nilingon siya nito. "You're kidding. Tell me you're kidding, Pau."

Gusto niyang maiyak dahil pinagdududahan siya nito. Ewan niya, pero napansin niyang nagiging sensitive siya these past few weeks. Dahil na rin siguro sa pagdadalantao niya.

*Damn hormones.*

“I wish I were.”

“Pero paano? I used a condom. Baka hindi sa ’kin iyan.”

Agad na lumapat ang palad niya sa kaliwang pisngi nito. Kinuha ni Pauline ang bag niya at mabilis na tumayo at tinungo ang pinto. Damn him! Ito lang ang lalaking nakagalaw sa kanya. Bakit nito pinagdududahan ang sinasabi niya?

Pinahid niya ang nabasang pisngi at suminghot. Nasa hallway na siya papunta sa elevator nang maabutan siya ni Adam. Pinigilan siya nito sa braso at iniharap dito.

“I’m sorry. Hindi ako nag-isip. Nabigla lang ako.”

Umiling siya. “Alam mo, pinatunayan mo sa ’kin na wala ka palang kuwentang lalaki. How dare you doubt that it’s yours? Ikaw lang ang nakagalaw sa ’kin. Hindi kita oobligahing panagutan ako, pero iyong pagdudahan mo na sa

'yo 'to, iyon ang di ko matanggap. Gusto ko lang malaman mo because you deserve to know about the baby." Hindi niya na napigil ang pagragasa ng luha. "Parang sinabi mo na din na malandi ako dahil after sa 'yo nagawa ko pang sumama sa iba. I hate you."

"Hindi iyon ang gusto kong palabasin, Pau. I'm sorry. Nagulat lang talaga ako. It's not always that I hear a big news like this. And the condom... Maybe it was defective. But don't worry, Pau, pananagutan ko ang dinadala mo."

Umiling-iling siya. Hindi siya makapag-isip kung ano ang susunod na sasabihin. Basta ang malinaw ay gusto niyang umiyak nang umiyak. Hindi na siya nakatanggi ng hilahin siya ni Adam palapit dito at ikulong sa mga braso nito.

"I'm scared," sabi niya habang patuloy sa pagpatak ang luha.

"I know. Me, too. Don't worry, I'll always be by your side, Pau. Hindi kita iiwan," nang-aalo nitong sabi.

Naramdaman niya na lang na pumulupot na ang mga braso niya sa baywang nito. Maybe, that was all she needed to hear.